

Pananampalataya – Ikatlong Bahagi
~ Isabuhay Natin ang ating Pananampalataya nang May
Ligaya ~

+ Paul Otsuka Yoshinao, Obispo ng Kyoto

“Magalak kayong lagi sa Panginoon. Inuulit ko, magalak sana kayo” (Filipos 4.4). Ang ligaya ng pananampalataya ay ang pinakadakilang handog sa isang Kristiyano. Ito ay isa sa mga katangian ng isang Kristiyano. Noon 1987, naganap sa Kyoto ang unang National Incentive Convention for Evangelization (N.I.C.E. 1) sa Japan at ang isa sa mga resulta ay ang tawag mula sa Conference of Catholic Bishops of Japan: “Tayo ay mabuhay nang sama-sama sa Ligaya.” Sinabi nila: “Tungkol sa pananampalataya, nais naming baguhin mula sa pagtingin sa pananampalataya bilang mga ‘doktrina at mga utos’ hanggang sa pagbibigay ng halaga sa ‘pagsasabuhay ng ating pananampalataya at ang pagsasabuhay nito nang sama-samang nagsasaya,’ sapagkat ang isang pananampalataya na kumikilala na ang Diyos ay nasa sa atin ay mabubuhay sa mga tao na may kaligayahan ng paniniwala sa Bibliya ni Kristo”.

Ang ating tema sa Diyosesis ng Kyoto habang tayo ay papasok sa “Taon ng Pananampalataya” (11th October 2102~24th November 2013, Pista ng Kristong Hari) ay “Pananampalataya – Ikatlong Bahagi – Ang Ligaya ng Pananampalataya”. Upang tayo ay makatugon nang may “tunay na pananampalataya” sa tawag ng Diyos at maging “tunay na naniniwala”, ating alamin ngayon ang “Ligaya ng Pananampalataya” sa pamamagitan ng “Mga Kahulugan ng Pananampalataya.”

1. Ang Ligaya ng minamahal ng Diyos

(Isang Pang-sariling Kamalayan ng Pananampalataya)

Ang Diyos ng Pag-ibig ay lumikha ng daigdig at mga tao upang maibahagi niya ang kanyang walang-hanggang kasiyahan sa kanila. Ang lahat na tunay na kaligayahan, mula sa napakaliit at hindi inaasahang kasiyahan sa pang-araw-araw na buhay hanggang sa mga mahahalaga ay pawang mga hudyat ng pag-ibig ng Diyos. Ang Diyos na siya mismong pag-ibig ay ang pinagmumulan ng tunay na kaligayahan. “Alam natin ang pag-ibig ng Diyos sa atin at sinampalatayanan natin ito. Ang Diyos ay pag-ibig. Ang nananatili sa pag-ibig ay nananatili sa Diyos at ang Diyos ay nananatili sa kaniya” (1 Juan 4:16).

Ang kaligayahang inaasam ng mga naniniwala ay nagmumula sa kamalayan ng taong minamahal ng Diyos. Ang Kaligayahan ng Pananampalataya na dulot ng ganitong kamalayan ang siyang

magiging batayan ng pag-iral ng Diyos sa kalooban natin. “Iniibig ninyo siya na hindi ninyo nakita, at hindi man ninyo nakita, nananalig pa rin kayo sa kanya at nagagalak kayo nang isang kasayahang di mahayag na taglay ang luwalhati” (1 Pedro 1:8). Sa ating pagtanggap na mahal ng Diyos ang lahat ng tao, nararanasan natin itong “Kaligayahan ng Pananampalataya.”

2. Ang kaligayahan na nasa tabi natin ang Diyos

(Pagtuklas sa Kamalayan ng Pananampalataya)

Ang Kaligayahan ng Pananampalataya na ating hinahanap ay matatagpuan kay Kristo Hesus dahil ang walang hanggang pagmamahal ng Diyos ay ipinaalam sa atin sa isang perpektong paraan sa katauhan ni Hesus. Kaya nga tayo hinihikayat ni San Pablo na “Magsaya sa Panginoon.” At saka siya nagbigay ng dahilan para dito, sa pagsasabing: “Malapit na ang Panginoon” (Fil 4:5). Ang Kaligayahan ng Pananampalataya ay ang pagkakaalam na ang Panginoon ay nasa sa ating tabi.

Ang taong makakatuklas at tatanggap nito nang may pananampalataya ay walang dapat ikatakot sa daigdig. “Naihahambing ang kaharian ng Langit sa kayamanang nakatago sa isang bukid. Kung may makakita nito, ibabaon niya ito uli; at dahil sa kanyang kaligayahan, ipinagbibili niya ang lahat niyang ari-arian, at binibili niya ang bukid” (Mateo 13-44). Kapag natatagpuan natin ang Diyos sa pang-araw-araw na pangyayari, walang katumbas ang kaligayahan sa pagkakatuklas na ito, at hindi na natin ito mabitiwan.

3. Ang Ligaya ng Pagkakilala kay Kristo

(Isang Matalas na Kamalayan ng Pananampalataya)

“Ang nananalig sa aki’y hindi sa akin kundi sa nagpadala sa akin” (Juan 12:44). Dahil si Hesus at ang Ama ay iisa (tingnan ang Juan 10:30), ang paniniwala sa Diyos at ang paniniwala kay Hesus ay magkatulad. Ang ligaya ni Hesus bilang Anak, ay nagmumula sa pagkakakilala sa Ama, at kaya nais niyang tayo, bilang mga anak ng Diyos, ay maging bahagi ng isang perpektong ligaya na ibinabahagi niya kasama ang Ama. “Sinabi ko sa inyo ang mga ito upang mapasainyo ang aking kagalakan at maging ganap ang inyong kagalakan” (Juan 15:11).

Nangangahulugan na ang Kaligayahan ng Pananampalataya para sa atin ay ang pagkilala kay Kristo. Noong dinalaw ni Hesus si Zacchaeus, ang kolektor ng buwis na kinikilala ng mga tao bilang makasalanang, “tuwang-tuwang tinanggap” si Hesus. (Lucas 19:5-6).

Ganun din, tayo na makasalanan, ay araw-araw na nakakaalam na si Hesus ay ang kaibigan na nagmamahal at nagpapatawad sa natin, at ang Kaligayahan ng Pananampalataya ay dumarating sa atin dahil sa pagkakilala kay Hesus sa ganitong paraan. At kaya ang Kaligayahang ito ay nagsisimulang baguhin nang lubusan ang ating buong buhay at nagiging kapangyarihan na nagdadala ng katubusan.

4. Ang Ligaya ng ‘pagmamalaki’ kay Kristo

(Isang Kamalayan ng Pananampalataya na batay sa Pag-aaral sa buhay ni Kristo)

Nagbubunyi si Hesus dahil nagpakilala ang Diyos sa mga maliliit. “Nang sandaling iyo’y nag-umapaw sa galak sa Espiritu Santo si Jesus at sinabi niya: “Pinupuri kita, Ama, Panginoon ng langit at lupa, dahil inilihim mo ang mga bagay na ito sa marurunong at matatalino, at ipinamulat mo naman sa maliliit. Oo, Ama, naging kalugud-lugod ito sa iyo” (Lucas 10:21). At saka nag-alay ng sariling buhay si Hesus dahil tinanggap niya ang kagustuhan ng Ama na dapat niyang ibalita ang ligayang ito sa mga maliliit. (tingnan ang Juan 15:9-15) Kaya, ang Kaligayahan ng Pananampalataya ay dumarating sa atin mula sa pag-aalay ng sarili sa Pagpapakasakit at Kamatayan ni Hesus. Dahil dito, nasabi ni San Pablo ang kanyang kaligayahan sa kanyang pagkakatuklas ng pagmamahal ni Kristo na nag-alay ng kanyang buhay sa krus, sinabi niyang ito ay “pagmamalaki kay Kristo.” “Ang Panginoon nawa ang ipagmalaki ng sinumang nagmamalaki” (1 Mga Taga-Corinto 1:31) ay pananalita na kinuha sa Jer. 9:23 at kapareho ng kahulugan sa payo ni Pablo na “Magsaya sa Panginoon.”

5. Kaligayahan na dumadampi sa puso

(Isang Kamalayan ng Pananampalataya na nakatuon sa Sakramento)

Ang Liturhiya ay isang espesyal na lugar para matikman ang Kaligayahan ng Pananampalataya. Sa 7 Sakramento (Binyag, Kumpil, Yukaristiya, ang Sakramento ng Pagpapatawad, ang Sakramento ng Pagbabasbas sa may sakit, Kasal at mga Banal na Utos) ipinagdiriwang natin ang biyaya ng pagtubos ng Diyos na napapaligiran ng Kaligayahan ng Pananampalataya. Sinabi ito ng N.I.C.E. 1 nang ganito: “Ang Liturhiya ay hindi lamang isang tungkulin o isang seremonya na may mga tutuning sinusunod, kundi isang pakiki-isa sa Diyos na siyang umiiral sa atin. Ito ay isang lugar na nakakaranas tayo at nakikibahagi sa “Kaligayahan ng pamumuhay nang sama-sama”, na dahilan kung bakit natin kailangan na gumawa ng liturhiya na dumadampi sa puso ng tao.

Ang Sakramento ng Pagsisisi ay ang Sakramento na nagbabalik ng

Kaligayahan ng Pananampalataya. “Sinasabi ko sa inyo: magkakaroon din ng higit na kagalakan sa langit para sa isang makasalanang nagsisisi kaysa siyamnapu’t siyam na matuwid na di nangangailangan ng pagsisisi.” (Lucas 15:7). At sa parabola ng Anak na Mapagwaldas, nakikita natin kung paano ang Diyos sa kanyang malalim na awa ay hindi kailanman magtatakwil sa atin. “Pero dapat lamang na magdiwang at magsaya dahil namatay na ang kapatid mo at nabuhay, nawala at natagpuan” (Lucas 15:32). Ang Diyos natin ay nagbibigay ng kanyang pagmamahal ng walang pasubali sa makasalanang bumalik sa kanya.

6. Kaligayahan na isinabuhay sa Pagbibigay ng Pag-ibig

(Isang Praktikal na Kamalayan ng Pananampalataya)

“Sa wakas, mga kapatid, magalak kayo. Sikapin ninyong maging ganap, at mag-alih-alih kayo. Magkaisa sana kayo sa iisang diwa at mamuhay na mapayapa, at sasainyo ang Diyos ng pag-ibig at kapayapaan” (2 Cor. 13:11) Ang utos na “magsaya” ay hindi maihihiwalay sa utos na “mahalin ang iba”, at kaya, ang Kaligayahan ng Pananampalataya ay naroon sa alinmang lugar na ang pagmamahal ng Diyos ay isinasagawa. Ang pagmamahal ng Diyos ay ang Pagbibigay ng Pagmamahal, isang pagmamahal na kasama ng pagsasakripisyo. Isinantabi ni Hesus ang kanyang kaligayahan, at sa pagtanggap ng kamatayan sa krus ay inilapit tayo sa pagmamahal ng Diyos: “Tumingala nga kayo sa tagapamahala nito na siya ring tagapaggantimpala. Sa halip ng kaligayahang alok sa kanya, pinagtiisan niya ang krus at binalewala ang kahihyan nito, at ngayo’y nakaluklok siya sa kanan ng Diyos” (Hebreo 12:2). Tayo rin ay nagpapasan ng ating krus araw-araw upang maisabuhay ang buhay ng pagbibigay, at sa paggawa nito ang Kaligayahan ng Pananampalataya ay nagiging tunay sa ating kalooban.

7. Ang Kaligayahan ng Pagkakaligtas

(Isang Mapagsagip na Kamalayan ng Pananampalataya)

Ang Kaligayahan ng Pananampalataya ay kaligayahan ng pagkakaligtas. Noong umaga ng Pagkabuhay na Muli ni Kristo ng ang mga babae ay tumungo sa libingan na kinaroonan ng katawan ni Kristo, sila ay “natatakot at labis na nagagalak” (Mateo 28:8) nung malaman na si Hesus ay “bumangon mula sa kamatayan” at nabubuhay. Ito ang Pasko ng Pagkabuhay na pananampalataya ni Kristong tagapagligtas. Ang karanasan ng pagmamahal ng Diyos na sa kahuli-hulihan ay ang tagumpay laban sa kasamaan sa ating buhay, ay nagdadala sa naniniwala sa Kaligayahan ng Pagkakaligtas at nagbibigay sa atin ng tapang at tiyaga.

Kaya sinabi ni San Pablo: “Makilala ko nawa siya at ang kapangyarihan ng kanyang muling pagkabuhay at ang pakikiisa sa kanyang mga hirap; tularan ko nawa siya sa kanyang pagkamatay at sa gayon masalubong ko ang pagkabuhay sa mga patay” (Filipos 3:10-11). Paminsan-minsan ay nawawala sa mga Kristiyano ang kamalayan ng Kaligayahan sa kanilang pananampalataya sa gitna ng maraming pagsusubok sa buhay, lalong-lalo na kung nahaharap sa kalunos-lunos at hindi maunawaang mga pangyayari, at sila ay nabalot ng sakit at lungkot. Nguni’t, kahit hindi natin nararamdaman ang Kaligayahan ng Pananampalataya sa mga kalagayang ito, masisiguro natin na ang katotohanan ng pagsagip ay hindi mababago.

8. Kaligayahan na nakikibahagi sa Luwalhati ni Kristo

(Isang Kamalayan ng Pananampalataya na nagbibigkis sa lahat)

Walang sinuman ang nabubuhay na walang pag-aalala. Nguni’t ang Kristiyano na radikal na nagpasya na hangarin ang buhay na walang hanggan, ay magkakaroon ng kakayahan na suriin ang mga pag-aalala nang tama, sa imbes na mag-alala nang hindi kinakailangan. Sa halip na alisin ang pag-aalala, kayang tanggapin iyon ng Kristiyano kung ano man yon at ipagpatuloy ang buhay. Ito ay dahil ang mga naniniwala ay kumbinsido sa pangako ng Diyos ng kaligtasan, alam na kahit sa ngayon ang Diyos ay kumikilos sa daigdig sa paglupig sa kasamaan. Ang paniniwala na ang Diyos ay umaalalay sa daigdig tungo sa kahuli-hulihang pagtatapos ay nagdudulot ng pag-asa, dahil sa sinabi nga ni Hesus: “Ikagalak ang pag-asa; maging matatag sa paghihirap at magpatuloy sa pananalangin” (Taga-Roma 12:12).

Ang lahat ng ating dalamhati ay maaaring katulad kay San Pablo nung sabihin niyang: “Natutuwa nga ako ngayon sa tinitis ko alang-alang sa inyo; ang kulang sa mga paghihirap ni Kristo ay pinupunan ko sa aking laman alang-alang sa kanyang katawan, ang Iglesia.” (Taga-Col. 1:24). Meron din tayong salita ni San Pedro: “Nakikibahagi kayo sa mga hirap ni Kristo, kaya magalak kayo at pagkabunyag sa kanyang kaluwalhatian, malulubos ang inyong malaking kagalakan” (1 Pedro 4:13).

9. Kaligayahan na may tiwala kay Hesus

(Isang Mapanuring Kamalayan ng Pananampalataya)

Sa kasalukuyan, maraming mga tukso ang pumipigil sa mga tao na maranasan ang Kaligayahan ng Pananampalataya. Ang isang halimbawa ay ang daigdig ng Internet, na humihikayat sa atin sa pag-iisip na consumerist, inaanyayahan tayo na hangarin ang biglaang

katuwaan at kasiyahan, na may tagong panganib na ipahiwatig ang ilusyon na narito na ang kaligayahan. Nakakaramdam ang mga tao ng kawalan ng saysay ng buhay kahit na nasa gitna ng mga yamang materyal at kaginhawahan. Ang pagkakaroon ng mga ari-arian ay hindi nangangahulugan ng tunay na kaligayahan. Si San Pablo na isang misyonero na walang pag-aari ay “namimighati ngunit laging nagagalak; mga dukha kami na pinayayaman ang marami; walang-wala kami ngunit taglay ang lahat” (2 Cor. 6:10).

Sa kasalan sa Cana, napansin si Maria na “wala silang alak” (Juan 2:3). Ang alak ay simbolo ng kaligayahan. Dahil puno ng kaligayahan ng pananampalataya, napansin ni Maria ang kakulangan ng handog na kaligayahan ng Diyos sa kalagayang iyon ng buhay. Nakakilos siya tuloy nang may tiwala kay Hesus, na siya lamang ang makakapagbigay ng tunay na kaligayahan. Pinili niyang magtiwala kay Hesus, sa imbes na maakit ng mapanlinlang na kasiyahan na tumatagal lamang ng sandalian, na siyang daan sa tunay at pangmatagalang kaligayahan.

10. Kaligayahan na pinalalim ng Pagsama-sama

(Isang Kamalayan ng Pananampalataya na Pang-komunidad)

Ang mga unang Kristiyano ay isinalarawan ng ganito: “Araw-araw silang nagsasama-sama nang matagal sa Templo, at sa kanilang mga tahanan din sa paghahati ng tinapay; buong galak at katapatan ng puso silang kumakain” (Gawa 2:46). Ang Kaligayahan ng Pananampalataya ay nabuo sa pamamagitan ng pamumuhay sa magkakapatirang pagsasama-sama. Nagsasalita si San Pablo ng pangmaramihan at hindi pang-isahan nang kanyang sabihing: “Magalak kayong lagi sa Panginoon” (taga Filipos 4:4), at si Pablo mismo ay palaging nagbabahagi ng kanyang kaligayahan sa komunidad: “nagagalak pa rin ako at natutuwang kasama ninyong lahat. At dapat din kayong magalak at matuwang kasama ko” (taga Filipos 2:17b-18).

Hindi tayo magiging masaya nang tayo lamang habang ang ibang tao ay hindi masaya. Sabi ni San Pablo: “Makigalak sa mga nagagalak, makitangis sa mga tumatangis” (Rom.12:15), at saka “Kung naghihirap ang isang sangkap, ang lahat ay naghihirap na kasama nito. At kung pinararangalan ang isang sangkap, ang lahat ay nagagalak na kasama nito.” (1 Cor. 12:26). Kapag tayo ay malapit sa mga taong nagdurusa, matatagpuan natin ang awa ng Diyos sa puso ng mga tao. Kung ninanais natin na magkaroon ng Kaligayahan ng Pananampalataya sa ating puso, dapat nating ipahayag ang kaligayahan na kasama ang mga tao at ibahagi ito sa kanila (tingnan ang 1 Juan 1:3-4).

11. Ang Kaligayahan ay bunga ng Espiritu Santo

(Isang Kamalayan ng Pananampalataya na Puno ng Espiritu)

“Ang paghahari ng Diyos ay hindi sa pagkain o sa pag-inom. Subalit ito ay sa katuwiran sa kapayapaan at kagalakan sa Banal na Espiritu” (Rom.14:17). Ang paghahari na dala ni Hesus ay hindi tungkol sa pagkain at pag-inom sa pangkaraniwan, pang-araw-araw na kahulugan. Ito ay tungkol sa pagbibigay sa iba ng kaligayahang nasa ating kalooban, nabubuhay nang tama at mapayapa sa lakas ng Espiritu Santo, sa pagsasama sa Diyos at sa bawa’t isa. Ang bunga ng Espiritu Santo ay: “pag-ibig, tuwa, kapayapaan, pagtitiis, kagandahang-loob, kabutihan, pagtitiwala, kahinahunan, pagtitimpi” (Galasya 5:22-23).

Ang paniniwala ay isang pagpili na gawa ng malayang-pagpapasya ng tao, nguni’t kung wala ang gawa ng Espiritu Santo imposibleng makagawa nang ganitong pasya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng tao lamang. Ang paniniwala ay nagiging posible lamang dahil sa Espiritu Santo na siyang nagbubukas ng ating puso. Ito ay ang gawa ng Diyos mismo sa atin. Kaya, ang sabi ni San Pablo “Ipagkaloob nawa sa inyo ng Diyos ng pag-asa ang pagsampalataya at punuin kayo ng kagalakan at kapayapaan, at sumagana ang inyong pag-asa sa bisa ng Espiritu Santo” (Roma 15:13).

12. Ang Awit ng Papuri ni Maria

“At nagagalak ang aking espiritu sa Diyos na aking Tagapagligtas” (Lucas 1:46-47). Tinanggap ni Maria ang Diyos sa kanyang sarili, at kaya isinigaw ang kanyang saya sa pagkakaligtas sa pamamagitan ng awit ng papuri, na tinawag na Awit ni Maria. Nang mapagpakumbabang inialay ni Maria ang kanyang buong buhay sa Diyos sa pamamagitan ng perpektong pagsisilbi, siya ang naging unang tao na nagpahayag ng kanyang kaligayahan sa pag-ibig ng Diyos.

Ang ating misyon bilang mga disipulo ni Kristo ay ang ipakita sa buong daigdig kung paano ang pananampalataya ay nagbubunga ng tunay, perpekto, at pangmatagalang kasiyahan at kaligayahan. Ito ang talagang gagawin sa “Taon ng Pananampalataya.” Sa gitna ng mga paghihirap sa makabagong lipunan, maraming tao sa paligid natin na naghahangad sa kanilang puso na malaman ang Kaligayahan ng Kristiyanismo at ang ating mensahe ng Pag-asa. Sa Taon ng Pananampalataya, bawa’t isa sa atin ay hinihilingan na muling tuklasin ang kaligayahan ng paniniwala upang tayo ay maging mga misyonero sa Kaligayahan ng Pananampalataya. “Magalak kayong lagi sa Panginoon. Inuulit ko, magalak sana kayo.” (Filipos

4:4).

Note: Ang lahat na binabanggit na mga talata ng bibliya ay kinuha sa NIV (New International Version) Bible. At ang salin sa wikang Pilipino ay mula sa <http://www.bibleclaret.org/bibles/tagalog.htm>.